UNIVERSITY OF THE PHILIPPINES
FILIPINIANA SECTION
LIBRARY

Pinapatnubayan
ng
Marxismo–Leninismo–Kaisipang Mao Zedong

# ANG Bayan

Inilalathala ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

MAYO 1983




Ibayong tatag at husay ang kailangan ng rebolusyonaryong manggagawa sa darating na mga taon para harapin ang sitwasyong kumplikado at maselan.

Ang mayamang karanasan ng tatlong taong nagdaan--isa sa pinakamaningning na panahon sa kanilang kasaysayan--ay batayan ng higit pang pagsulong ng pakikibaka sa larangan ng paggawa at sa buong panlipunang larangan. (p. 3)

Tinatalakay rin sa isyung ito ang pagbibigay ng sosyalistang edukasyon sa masang manggagawa, para armasan sila sa pagganap ng nangungunang papel sa demokratikong rebolusyong bayan. (p. 6)

## NILALAMAN

Sulat 2

Maningning na panahon ng pakikibaka 3

Edukasyong proletaryo 6

Panustos sa rebolusyon 9

Asintahin ang kaaway! 11

50 riple, nakumpiska sa Kabisayaan 12

Bigo ang panghahati ni Marcos sa mga Moro 13

Militarismo ng Japan 14

Balita 17

## Makataong trato sa mga bihag

*Noong Enero 13, tinambangan ng Bagong Hukbong Bayan ang pitong tropa ng 631st PC Company sa San Miguel Dao, Lopez, Quezon. Tatlo ang agad namatay, kabilang ang sarhentong namumuno sa grupo, at ang iba ay sumuko. Nakasamsam ang BHB ng anim na riplemg M16.*

*Narito ang sulat ng kasama sa teritoryo, na nagpapaabot ng ulat ng isang Pulang mandirigma.*

Alas 9 ng umaga nang humangos ang masa sa mga mandirigma, na naghahanda noon para sa isang operasyong militar. Pitong sundalo ng AFP ang pumasok sa baryo para kuwa'y mamili ng manok. Kaagad nagsiyasat ng ambus-sayt ang isang tim ng hukbong bayan. Alas 12:20 ay pumusisyon na ang mga kasama, eksaktong alas 3 pumasok sa *killing zone* ang kaaway. Umulan ang putok.

Patay ang tatlo, pero apat pa ang buhay. Kaya habang nagmamaniobra ang isang tim sa tagiliran, nag-utos ang mga kasama sa kaaway na nagtatago sa likod ng pilapil ng tubigan: "Sumuko na kayo!" Ipinaalala nila ang nangyari sa ambus sa Recto (Gen. Luna), Quezon, noon lang Nobyembre 23, 1982. Dito'y nagkaroon ng "pangalawang buhay" ang isang sumukong korporal ng PC, matapos siyang gamutin ng nakalabang mga Pulang mandirigma.

Binilangan hanggang tatlo ang kaaway. Di pa tapos ang pagbibilang ay sumagot na sila: "Susuko na kami! Huwag lang ninyo kaming papatayin!"—sabay hagis ng kani-kanilang baril. Itinaas nila ang mga kamay habang lumalapit sa mga kasama. Tumakbo ang isa at nagmasid muna mula sa kabilang burol.

Lumuhod nang lumuhod ang isa sa bawat lumapit sa kanya. "Manalo po ako, Manalo! Batanggenyo po ako, Batanggenyo!" Noon kasing tambang sa Recto, ang isang sumuko ay nakatagpo ng kapwa taga-Batangas sa hanay ng hukbong bayan. Ang akala ng mga kaaway na sundalo, ito ang dahilan ng mabuting trato sa kanila.

Mabilis na binigyan ng unang lunas ang sugatan. Nang matanaw ng sundalong tumakbo na abala sa panggagamot ang mga kasama ay sumigaw siyang, "Kasama, susuko na rin ako!" Di siya napansin, kaya umuwi na lang siya sa kanilang kampo.

Samantala, ang ibang kasama naman ay naglilinaw sa mga sumuko na ang mga nabibihag ng BHB sa labanan ay hindi pinapatay, sinasaktan o binabastos, at agad silang pinalalaya.

Matapos ang panggagamot at paglilinaw sa patakaran, tinulungan ng mga mandirigma ang dalawang sundalong kaaway na pangkuhin ang kasamahan nilang sugatan. Pilit na iniabot nito ang kanyang kamay, at sinabing "Kasama, pakamay!"


Ka Nila






# 1980-82: Maningning na panahon ng pakikibaka

Kumplikado at maselan ang sitwasyong kaharap ng rebolusyonaryong kilusang manggagawa sa 1983 at susunod na mga taon.



Makasalalay sa resulta ng mga tunggalian sa larangan ng paggawa, at sa mas masaklaw na larangan ng buong lipunan sa mga taong ito, ang bilis o bagal ng pagsulong, ang pag-unlad sa mas mataas na antas o ang posibleng pag-atras ng rebolusyonaryong kilusang manggagawa sa darating na panahon.

Base sa nakaraang tatlong taon ng pakikibaka, ang kasalukuyang sitwesyon ay pwedeng mapatungo sa malaking bentahe ng rebolusyonaryong pakikibaka laban sa diktadurang US-Marcos. May sapat na batayan para magawa ito. Kailangan, higit sa lahat, ang ibayong tatag at determinasyon, lawak ng pananaw, husay sa taktika, at sinop sa organisasyon ng Partido.

## 1980-82

Ang tatlong taong 1980-82 ay isa sa mga pinakamaningning na panahon sa buong kasaysayan ng kilusang manggagawa sa Pilipinas. Sa bilang ng manggagawang napakilos, sa sigla't tindi ng mga pakikibaka, at sa lawak at antas ng mga ipinaglaban, kapantay kundi man nakahihigit ang panahong ito sa pinakatampok na kaigtingan ng mga pang-unyon at pampulitikang pakikibaka noong 1902-03, 1920-21, 1929-33, 1946-50, at 1971-72.

Mga litaw na katangian ng 1980-82 ang laganap na mga welga at pakikibaka sa mga pabrika, pagbubuklod ng mga progresibo't militanteng unyon sa isang namumukod at pangunahing pwersa sa kilusang paggawa, malawakang ahitasyon ng mga manggagawa sa mga isyung pang-unyon at pambayan, at aktibong paglahok ng libulibong mulat na manggagawa sa mga aksyong pampulitika at matatag na pagpusisyon nila sa unahan ng buong kilusang demokratiko't makabayan.

Iilan pa lang sa kasaysayan ng kilusang manggagawa ang mga pagkakataong tulad ng huling mga taon, na nakapagparamdam ng gayon kalaking impluwensya ang mga progresibong manggagawa sa kagyat na takbo di lang ng kilusang unyon kundi pati ng pambansang pulitika. Gayunman, pahiwatig lamang iyon ng mas malaki pang magagawa at dapat iambag ng mga manggagawa sa pakikibaka para ibagsak ang diktadurang US-Marcos at itatag ang rebolusyonaryong gubyernong koalisyon.

## Mga welga

Sa dami ng welga at manggagawang kalahok, walang kapantay ang 1981 sa kasaysayan ng unyonismo sa Pilipinas. Sa tala ng rehimen, pumutok ang 260 welga noong taong iyon, na sinalihan ng halos 100,000 manggagawa; pwera pa ang mga di nakatala. Noong 1982 naman, may naitalang 155 welga na sinalihan ng 54,000 manggagawa; sa bilang na ito, ikatlo ang 1982 sa mga taong may pinakamaraming welga sa kasaysayan.

Palatandaan ng pag-igting ng mga labanan at ng higit na pagtatag ng mga organisasyong manggagawa noong 1982, ang

mga welgà na tumagal nang halos doble (34 na araw) kaysa noong 1981 (18 araw).

Lumitaw din noong 1981-82 ang mga panimulang usbong ng mga koordinadong pakikibaka na sumasaklaw sa buu-buong industriya o purok. Bukod tangi sa mga ito ang pangkalahatang welga sa Bataan Export Processing Zone (BEPZ) noong Hunyo 1982, na nilahukan ng mahigit 18,000 mula sa 23 pabrika, sa tatlong ulit na samasamang paglabas sa pabrika at maramihang pagtitipon. Nakita noon ang mahusay na koordinasyon, at ang maunlad na kamulatan at diwa ng pagkakaisa ng mga manggagawa, na ang aksyon ay minitsahan ng pasistang karahasan sa piket.

## Aksyong pampulitika

Ang mga selebrasyon ng Mayo Uno noong 1980 hanggang 1982 ay kabilang sa pinakamalaki sa kasaysayan. Ang rali noong 1980 ang naghudyat ng pagpasok ng rebolusyonaryong kilusang manggagawa sa bagong panahon ng malaking pagsulong. Nang araw na iyon, nagtipun-tipon ang 25,000 manggagawa at alyado nila para maghayag ng anim na panawagan laban sa pasistang paninikil at pambubusabos ng burgesya, lalo ng malaking burgesyang lokal at dayuhan. Noong 1981, lumahok ang 40,000 sa Metro Manila at halos 100,000 ang namobilisa sa buong Pilipinas. Noong 1982 naman, 35,000 ang nakapagtipon sa rali na di nadaluhan ng 15,000 pang iba dahil sa panggigipit ng diktadura. Sa mga raling ito, lalo pang mahigpit na iniugnay ang pakikibakang manggagawa sa pakikibaka laban sa diktadura, sa pamamagitan ng panawagang magboykot sa eleksyong presidensyal noong 1981, at lansagin ang diktadura.

Mula ilandaan noong 1980, umabot sa libu-libo noong 1981-82 ang mga manggagawang lumalahok sa malalawak na demonstrasyong pampulitika. Ang pinakamalaking bilang ay ang 7,000 nagrali noong Hunyo 12, 1981 para sa boykot sa eleksyon. Mga manggagawa ang bumuo ng pangunahing pwersa sa pinakamahalagang mga aksyong pampulitika sa mga syudad, at pinakamalaki ang naiambag nila sa tagumpay ng mga iyon.

Ang mga hayag na manipestasyong pampulitikang ito ay makabuluhang aspeto ng mga pakikibakang manggagawa, na umiigting at sumasambulat sa gatong ng labis-labis na pagpapahirap sa kanila lalo't mas mabilis na bumubulusok ang pambansang ekonomya. Matagal na nilang ninanasang makaalpas sa pagbabawal sa welga at sapin-saping restriksyon sa pag-uunyon, dangan nga lamang at noong una'y nag-iipon pa sila ng higit na lakas sa organisasyon.

## Pambansang sentro

Sa gitna ng gayong malawak at matapang na pagtutol ng mga progresibo't militanteng unyon laban sa pagsasamantala at pang-aapi sa mga manggagawa at buong sambayanan, isinilang ang Kilusang Mayo Uno o KMU.

Sa praktika, ang KMU ang nagsilbing sentro ng progresibo at militanteng unyonismo sa Pilipinas. Itinaguyod at pinamunuan nito ang pakikibaka para sa mga karapatan sa welga at pag-uunyon, iba pang saligang demokratikong karapatan ng manggagawa't sambayanan, mas mataas na sahod at mas mahusay na kalagayan sa paggawa, paglalansag sa diktadura, at pagwawakas sa imperyalistang dominasyon.

Sa pamamagitan ng KMU, nagkaroon ng malakas na tinig ang mga manggagawa. Ang inisyatiba at pamumuno sa mga pakikibakang pang-unyon at pambayan ay mabilis na nakuha ng KMU mula sa Katipunan ng Manggagawang Pilipino o TUCP, ang prinsipal na kasangkapan ng rehimen sa pagpapalaganap ng dilawang unyonismo, makauring kolaborasyonismo, at pasismo sa hanay ng organisadong paggawa. Binuhay ng KMU ang loob ng masang manggagawa, na mainit namang tumugon at nagtaguyod sa mga panawagang demokratiko't makabayan. Ito ang bukal ng lakas at impluwensyang naangkin ng KMU sa loob ng maikling panahon.

## Reaksyon ng diktadura

Sa kabuuan, binasag ng mga pakikibakang manggagawa noong 1980-82 ang sistema ng mga kontrol at restriksyon sa unyonismo na pinairal ng diktadura mula 1972. Ilang ulit itong napwersang baguhin ang mga batas sa welga at pag-uunyon. Sa patuloy na pagsidhi ng labanan, nahubaran ng pagkukunwari ang diktadura na wala nang paghaharing militar, at lumantad nang husto ang anti-manggagawang sabwatan nito, ng malaking burgesyang dayuhan at lokal, at ng mga aristokrata sa paggawa.

Nabigla at di handa ang diktadura sa paglitaw at mabilis na pagkalat ng impluwensya ng KMU at paglakas ng kilusang welga. Bagamat di tumigil sa marahas na pagsupil sa mga welga, hanggang unang hati ng 1981 ay inakala ng diktadura na huhupa at kakapusin ng hininga ang mga welga pagkaraan ng sandali.

Nagkataon din na tumindi ang mga welga sa gitna ng pagkukumpleto ng diktadura sa programa nitong "normalisasyon." Inakala ni Marcos na ang pormal na pag-aalis sa

paghahari ng militar at pagdaraos ng eleksyon ay magpapakalma sa mamamayan, magbibigay uli sa kanya ng inisyatiba sa pulitika at propaganda, at magpapalakas ng impluwensya niya sa masa. Ang mga pangarap na iyon ni Marcos ay nagkaroon ng makabuluhang epekto sa pakikitungo niya sa kilusang welga noong 1981. Hanggang ngayon, bagamat nakalitaw ang pangil ng diktadura, di nito binibitiwan ang pagkukunwaring may magandang loob kahit pa sa mga progresibo't militanteng manggagawa.

Pero kapag isang tunay na popular at militanteng kilusan ang kaharap, ang kontra-rebolusyonaryong dalawahang taktika ay delikado rin para sa mga reaksyonaryo. Mabisang nagamit ng mga abanteng manggagawa ang mga batas at pangako ng diktadura para ikutan ang mga pagbabawal at restriksyon.

Dahil sa lawak at determinasyon ng mga pakikibaka nila, napilitan ang diktadura na magbigay ng mga konsesyon kahit panandali. Bukod dito'y may mga problema ang diktadura sa koordinasyon ng mga hakbang ng mga korte, militar, batasan, burukrasya at TUCP. Kaya may pagkakataong nag-uuntugan ang epekto kundi man ang intensyon ng mga disisyon at hakbang ng mga tauhan ni Marcos.

## Mahigpit na batas

Mula 1981, naghanap ang diktadura ng mas tusong paraan ng pagsupil sa welga. Ang mismong pagputok ng welga ang sinikap pigilin ng Batas Pambansa (BP) 130. Samantalang kumikilala sa karapatang magwelga, lubhang nalilimitahan nito ang tinatanggap na basihan at sirkunstansya para makapagwelga, at ginawang lalong mabusisi ang mga rekisito't proseso ng pagwewelga. Kasabay nito'y ginawang kasalanang kriminal ang iligal na pagwewelga. Marahas na sinasalakay ang mga piket, at walang tigil ang paninira, pananakot at panggigipit sa mga progresibong unyon at lider-obrero.

Noong 1982, naging mas magiit ang mga kapitalista na ibalik ang tuwirang pagbabawal sa welga, gumamit ng mas malupit pang mga paraan ng pakikitungo sa mga welgista, at bawiin ang mga konsesyong nakuha ng mga manggagawa. Nanguna ang malalaking kapitalista sa pagwasak ng mga unyon, pananalakay sa piket, at pagdedemanda sa korte para parusahan ang mga welgista.

Nang patuloy na sumigi ang kilusang welga sa kabila ng BP 130 at pandarahas, ginawa ng diktadura ang BP 227 para alisan ng bisa ang welga at limitahan ang pinsala ng piket sa kapitalista. Dinagdagan ng kapangyarihan ang ministri sa paggawa na pumigil sa welga at ginawang mas libreng manalakay sa piket ang mga kapitalista at pasistang tropa.

Patuloy pang lumawak at sumigla ang kilusang welga. Sa pagputok ng pangkalahatang welga sa BEPZ, may mga indikasyon na tataas pa ang antas ng mga welgang darating. Lalong naggumiit ang mga kapitalista sa diktadura na gumawa ng mapagpasyang mga hakbang laban sa manggagawa. At kumilos nga ang diktadura mula Agosto 1982.

## Panunupil

Isang malaki't sistematikong kampanya ng pandarahas, pananakot at panggigipit ang inilunsad ng diktadura para pilayin ang progresibo't militanteng kilusang manggagawa. Sa kampanyang ito, mas pinatingkad ang papel ng pasistang militar; ginawang operasyong militar sa kalakhan ang pagsuheto sa mga manggagawa. Anti-Komunismo ang ibinandila sa retorika ng diktadura, na nag-ingay tungkol sa diumano'y balak na ibagsak ang gubyerno sa 1983. Nireyd ang upisina ng KMU at inaresto ang ilang pinuno nito, kasama ang ilampung lider-unyon at manggagawa, sa bintang na subersyon, sedisyon at pambubuyo sa rebelyon. Sinabayan ito ng mga kapitalista ng maramihang pagpapatalsik sa trabaho ng mga militanteng manggagawa. Binantaan at binanatan din ang mga antipasistang organisasyon at personahe ng ibang mga uri at sektor. Tinakot ang mga manggagawa at taumbayan ng higit pang istrikto at marahas na mga hakbang tulad ng mga "secret marshal" na may lisensyang pumatay. Pinahigpit ang mga restriksyon sa pagpapahayag at pakikibaka ng masa. Noong Disyembre 1982, inilabas ang Resolusyon 473 ng Batasang Pambansa, na naninindigan sa absolutong pagbabawal ng mga welga sa mga pang-eksport at susing industriya.

Ininda ng kilusang paggawa ang matitinding atake ng diktadura. Nagkaroon ng dislokasyon sa makinarya ng KMU, nasindak ang di iilang lider-obrero at ang atrasadong seksyon ng masang manggagawa. Humupa ang mga welga. Maging ang kilusang lihim ay tinamaan sa ilang bahagi at nakaranas ng mga kahirapan sa koordinasyon at pagkilos.

## Paglaban

Pero mahusay na natutugunan ng rebolusyonaryong kilusang manggagawa ang mga kumplikasyon at kaselanan ng kasalukuyang sitwasyon. Nagpupunyagi sa paglaban sa pasistang salakay ang mga progresibo't militanteng manggagawa, bagamat sinusuri at tinatayang mabuti ang mga hakbang. Tinututulan nila ang pagtatangka ng ilang

lider-obrero at oportunista na umaabon, kung sakali, ang diktadura sa pagsesentensya ng kamatayan sa KMU. Kaya mabilis na naiwasan ang panganib ng demoralisasyon ng masang manggagawa, at ang disorganisasyon ng abanteng seksyon nito.

Mula Oktubre 1982, paulit-ulit na naglulunsad ng mga aksyong protesta ang mga manggagawa, na kahit mas maliit kaysa dati ay nananatiling militante at nakalalamang sa bilang at dalas kaysa mga aksyong masa noong 1980 at naunang pang mga taon. Nitong nakaraang Mayo 1, may 25,000 manggagawa at alyado nila ang napakilos ng KMU sa Metro Manila, at mas marami pa sa ibang bahagi ng Pilipinas. Mula Oktubre 1982, muling pumutok ang mga welga, at patuloy na lumalaganap ang iba pang anyo ng pakikibaka sa mga pabrika. Sa kalakhan ay nananatiling buo, at sa ilang mahalagang bagay ay mas umunlad kaysa nakaraan, ang organisadong pwersa ng rebolusyonaryong kilusang manggagawa.

Ang mabisang pakikiharap na ito sa mas komplikadong labanan ay bunga ng mga liksyong natutunan sa naunang mga taong 1980-82, mga liksyong natutunan ng mga manggagawa tungkol sa sarili, sa kanilang mga kaaway, at sa pangangailangan para sa ganap na tagumpay.

Ang kabuuang obhetibong kalagayan ay pabor sa muling pagsigla at pagtindi ng mga pakikibakang manggagawa sa malapit na hinaharap. Kabi-kabila, malalaki at maiinit ang mga hinaing ng manggagawa at taumbayan, na nagtutulak sa kanila na tumindig at lumaban. Di monopolisado ng diktadura ang inisyatiba sa mga labanan; may naipong sapat na lakas ang rebolusyonaryong kilusan at iba pang pwersang anti-diktadura para maggiit sa mga pagkilos at lumikha ng kalagayang mas pabor sa kanila.

Sa kabilang banda, pinatunayan din ng 1980-82 na ang kasalukuyang antas ng organisasyon at kahandaan ng masang manggagawa, bagamat kayang bumasag sa sistema ng mga kontrol at restriksyon sa unyonismo, ay di pa kayang pumigil sa mismong pag-iral ng gayong mga kontrol at restriksyon ng diktadura. Di pa kaya ng mga abanteng manggagawa na tuluy-tuloy na lumabas sa lambat ng mga tuntunin at prosesong burukratiko't ligalista na itinatakda ng diktadura. Ang dalawang pinakamalaking dahilan ng mga limitasyong ito ay ang pananatiling di koordinado at hiwa-hiwalay ng mga welga, at ang relatibong kahinaan pa ng masasaklaw na organisasyon ng manggagawa.

Magiging mas mabangis ang diktadura habang lumalala ang desperasyon nito. Kahit may paghupa na sa mga atake nito sa rebolusyonaryong kilusang manggagawa, di tumitigil ang pagtatangkang matukoy at banatan nang matindi ang kilusang lihim. Laging nakaamba ang kamay na bakal sa mga progresibo't militanteng unyon para sila paralisahin sa sindak at agad sawatain ang muling pagbwelo ng mga pakikibakang manggagawa. Patuloy na naghahanda ang diktadura para mapagpasyang lumpuhin ang progresibo't militanteng kilusang unyon sa pamamagitan ng kombinasyon ng lantad at di lantad, tuwiran at di tuwirang mga paraan ng pag-atake at panggigipit.

## Posibilidad, panganib

May magagandang posibilidad at malalaking panganib sa kasalukuyang sitwasyon. Ang mga kilos ng rebolusyonaryong kilusang manggagawa ay kailangang maging matapang at determinado, pero lubos na nagsasaalang-alang sa aktwal na kakayanan ng sariling pwersa at sa mga pagganti na maaari at kayang gawin ng diktadura. Napakahalagang tungkulin din ngayon ang puspusang pagpapatatag sa organisasyon at pagsisinop sa mga paraan ng pagkilos, para maiwasan ang mga pinsala at patuloy ang epektibong pagtupad sa mga rebolusyonaryong gawain ngayon at sa mga taong hinaharap. ●

---

Para sa masang manggagawa

# Edukasyong proletaryo


"Matagalan at pinakamataas na interes ng uring manggagawa sa buong daigdig ang



maitatag ang sosyalismo at sumulong tungo sa komunismo. Wakas na iyon ng pagsasamantala ng tao sa tao. Kaya pinakamataas na interes at tungkulin ng manggagawang Pilipino na maitatag ang sosyalismo dito sa Pilipinas."

Sa ganitong mga pangungusap iniugnay ni Kasamang Martin, isang kasapi ng Partido, ang sosyalismo sa mga aktibistang manggagawa na kaharap niya sa loob ng kubling silid na malapit sa pabrikang pinapasukan nila. Unang sesyon noon ng sosyalistang pag-aaral para sa mga sulong na manggagawang nakakatulong ng lokal na sangay ng Partido sa pag-oorganisa sa unyon.

Sosyalistang edukasyon ang paglilinaw




sa syentipikong mga prinsipyo ng pag-unlad ng lipunan at sa gawaing itatag ang sosyalismo--ang sistemang moderno ang produksyon at ang mga kasangkapan nito ay minamay-ari ng publiko at pinapangasiwaan ng estado, batay sa trabaho ang paghahati sa produkto ng lipunan, at ganap na hawak ng uring manggagawa ang kapangyarihang pampulitika sa pamamagitan ng diktadura ng proletaryado. Pinararami ng sosyalistang edukasyon ang mga manggagawang mulat sa makauring katangian ng umiiral na lipunan at tunggalian ng mga uri na magbabago dito. Bunga ng ganitong pag-aaral, naihahanda ang dumaraming manggagawa para marekluta ng Partido.

Mahalaga ang ganitong pag-aaral para pangatawanan ng paparaming manggagawa ang makasaysayang tungkulin ng kanilang uri. Sandata ang sosyalistang edukasyon laban sa ekonomismo (ang pagpapakitid ng pakikibaka sa mga usapin ng pasahod, "benepisyo," at mga kalagayan sa paggawa), at pagkakalulong ng mga manggagawa sa puro pakikibakang unyon. Binibigyang-kaganapan ng sosyalistang edukasyon ang kakayahan ng uring manggagawa na tumanaw nang malayo at masaklaw, kakayahang iginagapos ng dilawang unyonismo sa maliliit at pang-araw-araw na mga usapin.

Mahalaga rin ito para magawang ipaliwanag at ikampanya ng mga manggagawa sa iba pang aping uri ang matagalan at kagyat na mga layunin ng proletaryado, gaya halimbawa ng patakarang agraryo ng proletaryadong Pilipino sa kasalukuyang yugto ng rebolusyon.

Kaya naman tungkulin ng pampulitikang partido ng manggagawang Pilipino, ang Partido Komunista ng Pilipinas, na magpursigi at magsikhay sa pagdadaos ng edukasyong sosyalista kapwa sa loob at sa labas ng kasapian nito. Ang nasa pinakamahusay na katayuan para magbigay ng sosyalistang edukasyon sa manggagawang Pilipino ay ang Partido na siyang sulong na destakamento ng kanilang uri.

## Ideolohiyang proletaryo

Nilalaman ng sosyalistang edukasyon ang pag-aaral sa Marxismo-Leninismo-Kaisipang Mao Zedong, at sa aplikasyon nito sa kongkretong kalagayan ng Pilipinas. Nasa pundasyon nito ang materyalismong diyalektiko at istoriko na unang nilugod at ipinaliwanag nina Marx at Engels bilang syentipikong kaisipan o pilosopiya ng proletaryado. Inilapat ito nina Lenin at Stalin para linawin ang pangangailangang ganap na wasakin ang reaksyonaryong estado para maitayo ang kapangyarihang pampulitika ng proletaryado at maitatag ang sosyalismo. Mahalaga rin ang paglilinaw sa ekonomyang pampulitika ng kapitalismo at ng sosyalismo para maintindihan ng mga manggagawa ang esensya ng pagsasamantala sa kanila at ang mga prinsipyong patnubay sa rebolusyonaryo at sosyalistang palakad.

Ayon sa Kaisipang Mao Zedong, na aplikasyon ng Marxismo-Leninismo sa pagrerebolusyong mga bayang malakolonyal at malapyudal, pinag-aaralan at tinatahak ng uring manggagawang Pilipino ang landas ng syentipikong sosyalismo na dumadaan sa yugto ng pambansa-demokratikong rebolusyon. Ang pag-aaral sa linya at programang pambansa-demokratiko ay [illegible] mahalagang bahagi ng sosyalistang edukasyon; tampok sa pag-aaral na ito ang sosyalistang perspektiba't layunin ng pambansa-demokratikong rebolusyon.

Sa kontekstong pambansa-demokratikong linya, nililinaw ng sosyalistang edukasyon ang rebolusyonaryong kabuluhan, mga prinsipyo at taktika ng tunay na unyonismo, hanggang sa mga pasistang batas tungkol sa pakikibakang unyon. (Ang pag-aaral sa tunay na unyonismo ay kinukuha

ng mas maraming manggagawa bago pa man sila mabigyan ng edukasyong sosyalista.)

Pinatitibay ng sosyalistang edukasyon ang batayan para ganap na maunawaan at epektibong maipatupad ng uring manggagawa ang mga programa at patakaran ng Partido nito.

Sa manggagawa ang ideolohiyang ipinaliliwanag at sinasandigan ng edukasyong sosyalista. Ang araw-araw na karanasan sa pabrika ang naghahanda sa masang manggagawa para nila yakapin agad ang sosyalismo--sosyalisado ang kanilang paggawa at wala silang ari-arian kundi ang sariling lakas-paggawa.

Gayunman, hindi kusang makauusbong ang kaisipang ito mula lamang sa kanilang paggawa at pakikibakang unyon. Sa ilalim ng makahayop na pagsasamantalang kapitalista at ng pagpapamanhid ng repormistang pulitikang unyon, wala sila sa pusisyon para kusa at masaklaw na mapag-aralan ang kasaysayan ng pagsasamantala, ang esensya at mga porma nito, at ang pag-unlad ng lipunan tungo sa pagkapawi ng mga uri. Kaya ang mga aral na nilagom at sinubok sa praktika ng mga dakilang gurong Marxista ay kailangang ipasok natin sa kamalayan ng manggagawa mula sa labas ng kanilang ispontanyong pagkilos.

## Mga anyo at daluyan

Pangunahing anyo ng sosyalistang edukasyon ang mga pormal na sesyon ng pag-aaral na dinadaluhan ng tiyak na komposisyon ng mga mag-aaral, at may tamang balanse ng disiplina at demokrasya sa talakayan. Kabilang sa iba pang anyo ang pagdaraos ng malalimang mga paglalagom at panlipunang pagsisiyasat sa patnubay ng mga saligang aral na Marxista.

Pandagdag pa sa mga anyong ito ang impormal na mga talakayan tungkol, halimbawa, sa ekonomyang pampulitika at sa kasalukuyang mga pangyayaring pulitikal sa Pilipinas at sa ibayong-dagat. Gayundin ang indibidwal na pagbabasa ng mga akdang Marxista.

Sa mahusay na pagpoprograma, tulad ng sa sangay na kinabibilangan ni Ka Martin, ginagamit ang angkop na mga kumbinasyon ng mga anyong ito ayon sa partikular na mga pangangailangan at kalagayan.

Hindi limitado sa mga kasapi ng Partido ang dapat mag-aral nito. Kaya pinalalaganap natin ang pag-aaral sa sosyalismo sa mga lihim na sirkulo ng mga aktibistang manggagawa na di pa pumapasok sa Partido pero mayroon nang anti-kapitalista o pambansa-demokratikong kamalayan. Sa katunayan, dapat ding bigyan ng sosyalistang edukasyon o baha-bahagi man lamang nito ang anumang unyon o iba pang ligal na organisasyon o grupo ng manggagawa na bukas sa ating impluwensya. Kaya pinalalarga natin ang inisyatiba ng mga kadre at aktibistang manggagawa para mapangahas at mapanlikhang isagawa ang ganitong pag-aaral nang hindi naisasapanganib ang ligalidad ng mga unyon at iba pang organisasyon.

Sa dumaraming mga pabrika, maaaring ipasok ang makabuluhang bahagi ng nilalaman ng sosyalistang edukasyon sa upisyal na plano sa edukasyon ng mga ligal na organisasyon. Madalas, napepwersa ng militansya ng mayorya ng manggagawa ang upisyales ng kanilang unyon para aprubahan ang mga paksang ito. Ang ligalidad ng mga unyon at ang ating pagkilos sa loob ng mga ito ay napangangalagaan pa rin bastat makinis ang pamamaraan ng kilusang lihim.

## Rekisitos, resulta

Para mamaksima ang mga porma ng edukasyong sosyalista ng mga manggagawa sa labas ng Partido, ilang rekisito ang kailangang tugunan ng kinauukulang mga organisasyon ng Partido. Una na rito ang pangmatagalang plano sa edukasyon. Sa ganitong plano itinatakda ang ispesipikong nilalaman, ang tiyak na komposisyon ng mga mag-aaral, ang mga pormang gagamitin sa pag-aaral, at ang kailangang mga paghahanda.

Kasama na rin sa plano ang pagtatalaga ng sapat na bilang ng instruktor, at, sa malaki-laking mga saklaw, yunit sa produksyon ng mga babasahin. Kailangang-kailangan din ng paghahanda, pamamahagi at pagmamaksimisa sa mga babasahing mayroon na, laluna ang mga saligang akdang Marxista-Leninista gaya ng *Manipesto ng Partido Komunista* at *Mga Prinsipyo ng Komunismo*.

Ang manggagawang nakatanggap ng edukasyong sosyalista ay mulat sa kanilang uri at sa makasaysayang papel nito. Sila ang pinakapursigido sa pagsusulong ng tunay na unyonismo. Sila ang pinakamatibay sa harap ng mga atake ng pasistang estado at sa harap ng iba pang malalaking pagsubok. Pinakaaaasahan silang tagapagtanggol sa interes ng masang manggagawa at sa kaligtasan ng rebolusyonaryong kilusang lihim.

Para matatag at mabilis na isulong ang pambansa-demokratikong rebolusyon tungo sa pagtatayo ng sosyalismo at ibayo pang paghakbang tungo sa pandaigdigang komunismo, kailangan ang pagkilos ng ibayo pang mapararaming manggagawa na may kamalayang Marxista-Leninista. Tinutugunan ng sosyalistang edukasyon ang pangangailangang ito. ●

# Panustos sa rebolusyon

Ang digmang bayan ay kinakikitaan ng tunggalian sa iba't ibang larangan, at kabilang na rito ang larangan ng ekonomya. Isang aspeto nito ang pagkulekta ng rebolusyonaryong buwis, na kasalungat ng reaksyonaryong buwis ng pamahalaan.

Ang buwis na ipinapataw ng rehimeng US-Marcos sa mamamayan ay ginagamit para tustusan ang pananatili sa poder ng mga reaksyonaryo--sa pagpapalakas sa makinarya ng panunupil sa masa at pangangalaga sa interes ng mga imperyalista, panginoong maylupa at burgesyang kumprador. Nitong nakaraang taon, ang tuwiran at di tuwirang buwis na nalikom ng reaksyonaryong pamahalaan ay ₱38.2 bilyon sa kabuuan o katumbas ng ₱667 bawat mamamayan.

Sa kabilang banda, ang rebolusyonaryong buwis ay ginagamit para maisulong ang demokratikong rebolusyong bayan na naglalayong ibagsak ang kasalukuyang estadong pinaghaharian ng mga imperyalista, pyudalista at burukratang kapitalista at palitan ito ng isang demokratikong estadong bayan. Sa ngayon, ang rebolusyonaryong buwis ay may dalawang anyo--buwis pang-agrikultura mula sa magsasaka, at buwis mula sa kaaway sa uri.

Taliwas sa paninira ng rehimeng US-Marcos, ang salapi at iba pang tulong ng mamamayan sa rebolusyonaryong kilusan ay hindi dinadaan sa pamimilit, bagkus ay kusang-loob na ibinibigay. Bukod sa rebolusyonaryong buwis pang-agrikultura, nagbibigay ng boluntaryong kontribusyon ang masa at mga kaalyadong tulad ng titser, duktor, at iba pang propesyonal na kabilang sa petiburgesya.

## Buwis pang-agrikultura

Ang buwis pang-agrikultura ay nagmumula sa pang-ekonomyang pakinabang ng magsasaka, pangunahin mula sa rebolusyonaryong reporma sa lupa, halimbawa, sa lihim na pagtatabi ng bahagi ng ani, pagpapababa sa upa sa lupa, di pagbayad ng upa sa lupa, at sa hinaharap, libreng pamamahagi ng lupa. Saklaw din ng pagbubuwis ang dagdag na kita ng mga manggagawang bukid mula sa pagpapataas ng kanilang sahod, at ang netong kita mula sa mga kooperatiba ng bayan. Ang mayamang magsasaka man ay nabibiyayaan sa paglakas ng rebolusyonaryong kilusan; bukod pa sa pakinabang sa rebolusyong agraryo na tinatamasa ng ilan sa kanila, nariyan ang siguridad mula sa masasamang elemento, pagpawi ng usura at pagtaas ng produktibidad.

Nakalahad sa *Rebolusyonaryong Gabay sa Reporma sa Lupa (RGRL)* ang gabay sa kuleksyon ng buwis na ang laki o halaga ay pleksibleng itinatakda ayon sa kalagayan. Sapagkat ang laki ng buwis ay nakabatay sa laki ng kita, mapapansing mas maliit ang ibinibigay ng maralitang magsasaka kaysa ng mayamang magsasaka.

Batay sa pagsusuri at karanasan sa iba't ibang rehiyon, ang umiiral na patakaran sa buwis ay tulad ng sumusunod:

1. Lihim na pagtatabi ng bahagi ng ani: pinagtatatlo ang upa sa lupa na dating napupunta sa panginoong maylupa; ibinibigay ang sangkatlo nito sa magsasaka, sangkatlo sa Partido at ang nalalabing sangkatlo ay parte ng samahang magsasaka.

2. Pagpapababa o di pagbayad ng upa sa lupa: dalawang porsyento (2%) ng netong ani kung maralita at mababang panggitnang magsasaka; limang porsyento (5%) ng netong ani kung mas mataas na saray ng magsasaka.

3. Pagpapataas sa sahod ng manggagawang bukid: lima hanggang 10 porsyento (5% hanggang 10%) ng dagdag na sahod.

4. Pakinabang sa iba't ibang anyo ng kooperatiba: dalawang porsyento (2%) ng netong kita.

Maaaring maging mas mataas o mas mababa ang tantos ng buwis ayon sa kalagayan ng masa at antas ng kaunlaran ng rebolusyonaryong kilusan sa mga partikular na →



BUWIS para sa rebolusyon: sa tulong ng pamunuan ng samahang masa, sistematikong kinukolekta ang buwis mula sa pakinabang ng magsasaka sa pakikibakang agraryo.

lokalidad. Halimbawa, sa isang distrito sa Gitnang Luson, ang buwis na ibinibigay ng magsasaka para sa lihim na itinabing bahagi ng ani ay 20 hanggang 40 porsyento ng dapat sanang napunta sa panginoong maylupa, depende sa laki ng bahaging naitabi.

Ang rebolusyonaryong buwis mula sa magsasaka ang tiyak, papalaki, pangmatagalan at isa sa mga pangunahing panggagalingan ng pinansyang panustos sa rebolusyon. Unang-una, ang uring magsasaka ang pangunahing pwersa ng demokratikong rebolusyong bayan at nasa interes ng uring ito ang pagsulong ng rebolusyon hanggang ganap na tagumpay. Pangalawa, sa pagpapatupad ng rebolusyonaryong reporma sa lupa, napapalaya ang produktibong pwersa ng magsasaka. Napapaunlad pa ang produksyon sa pamamagitan ng mas sistematikong organisasyon ng paggawa at mas abanteng teknolohiya at pamamaraan. Sa gayo'y lalo pang lumalaki ang kakayahan at tumitigas ang kapasyahan ng magsasaka na magbigay ng suporta sa Partido at hukbong bayan at tustusan ang rebolusyonaryong kilusang masa.

## Buwis mula sa kaaway sa uri

Ang rebolusyonaryong buwis mula sa kaaway sa uri ay sinisingil ng rebolusyonaryong kilusan kapag pansamantala itong pumapayag na ipagpatuloy ang paghawak sa pang-ekonomyang interes ng mga imperyalista, panginoong maylupa, at malaking burgesyang kumprador sa loob ng larangang gerilya at kanugnog na lugar. Kabilang sa mga negosyo nilang ito ang malaking mga trosohan, minahan, rantso, plantasyon, pabrika at iba pa.

Sa pagtatayo ng demokratikong estadong bayan sa hinaharap, kukumpiskahin ang negosyo ng mga kaaway sa uri at ipapaubaya ang operasyon ng mga ito sa rebolusyonaryong gubyerno. Subalit habang hindi pa mahawakan at mapatakbo ng rebolusyonaryong kilusan ang mga negosyong ito, hinahayaang magpatuloy ngayon ang mga ito alinsunod sa ilang kundisyon.

Hinahayaang magpatuloy ang operasyon ng negosyo kung sa kabuuan ay di gaano at kagyat na napipinsala ang interes ng masa; nabibigyan sila ng hanapbuhay; hindi maigting ang tunggalian sa pagitan nila at ng kapitalista at, kung gayon, ay walang pinaplano o isinasagawang pakikibakang masa na ang kapitalistang ito ang target; di aktibong lumalaban o humahadlang sa rebolusyonaryong kilusang masa ang may-ari at mga nagpapatakbo ng negosyo; at ang negosyo ay di gaano at kagyat na nakapipinsala sa ekolohiya at nakakaperwisyo sa kabuhayan ng masa sa lugar.

Hinggil naman sa panginoong maylupa, tinitiyak ng rebolusyonaryong kilusan na hindi nakokompromiso ang pakikibaka ng magsasaka para sa lubusang tagumpay ng rebolusyonaryong reporma sa lupa, kahit ang ibig sabihin nito ay walang makukuhang buwis mula sa mga mapagsamantala. Gayunman, maaaring patawan ng buwis ang panginoong maylupa batay sa laki ng nakukuha niyang upa sa lupa, habang ihinahanda at isinusulong ang pakikipagtagisan sa kanya ng masang magsasaka.

Sa mga negosyong hinahayaang magpatuloy, tinatakdaan ang mga ito ng buwis ayon sa RGRL--10 hanggang 50 porsyento ng netong kita, depende sa laki ng kita. Ibig sabihin, mas mataas ang tantos ng buwis sa mga empresang may mataas na kita. Kung hindi makuha ang datos sa netong kita, pinagbabatayan ang kabuuang benta, laki ng produksyon, bilang ng baka (sa mga rantso), bilang at presyo ng makinaryang ginagamit, laki ng pasahod, laki ng plantasyon, at iba pa.

Sa pagtatakda ng buwis, isinasaalang-alang ang kakayahan ng hukbong bayan na makapagbigay ng liksyon kung sakaling ayaw magbayad ng buwis ang kumpanya. Sa mga lugar na may ilang negosyo, may pagkakataong pinipili ang matigas, mabagsik at kontra-mamamayang empresa na maaaring magsilbing halimbawa sa iba. Kung ayaw magbayad ng itinakdang buwis, magtatamo ito ng pinsalang nagkakahalaga nang higit sa dapat ibigay. Gayunman, di tinatakdaan ng buwis ang mga negosyo na ang mga may-ari ay mga pagadsaring kaaway sa uri. Kumpiskasyon na ng kanilang ari-arian ang mas angkop na pamamaraan ng pagpapahina sa kanilang pang-ekonomyang kapangyarihan.

Ang pagpapabuwis sa kaaway sa uri ay isinasagawa nang lihim at ang nakakaalam dito ay limitado sa mga kalahok sa usapan at nakatataas na organo ng Partido.

Karaniwan, ang kinukulektang buwis ay kabuuang halaga para sa isang taon, bagamat may pagkakataong kinukuha ito sa dalawang hulugan sa kasong talagang gipit ang nagbubuwis at dagdag dito'y may simpatya siya sa rebolusyon. Pero sa pangkalahatan, kayang magpalitaw ng salapi ng kumpanya sa loob ng maikling panahon, basta maipaunawa rito ang pangangailangan ng kagyat na pagbabayad.

Samantala, ang negosyo ng pambansang burgesya ay di tinatakdaan ng buwis. Hinihikayat silang mag-ambag sa rebolusyon sa batayan ng kanilang pakikiisa sa mga anti-imperyalistang pakikibaka ng sambayanan. Nililinaw din sa kanila na sa

hinaharap, pagkatayo ng demokratikong pamahalaang bayan, kakatulungin sila sa pagpapasulong ng pambansang ekonomya, na magpapaunlad sa kapitalistang produksyon hanggang sa isang takdang antas. Sa gayon, nasa diwa ng pagtutulungan ang maluwag na pagtrato ng rebolusyonaryong kilusan sa pambansang burgesya, at gayundin sa mga kaaway sa uri na nais tumulong.

## Pagpapatupad


Sa kasalukuyan, ang mga organo ng Partido at mga yunit ng hukbong bayan ang nangangasiwa at umaasikaso sa pagtatakda at pagkukulekta ng rebolusyonaryong buwis mula sa magsasaka at kaaway sa uri.

Sa pagkukulekta ng buwis pang-agrikultura, madalas katulungin ng Partido at hukbong bayan ang pamunuan ng mga organisasyong masa. Sa ilang lugar, nagbubuo ng ispesyal na grupo tuwing anihan para maging mas sistematiko ang pangungulekta ng buwis. Sa pakikisalamuha nila sa masa, ang mga grupong ito ay nagpapaliwanag sa mga magsasaka tungkol sa mga patakaran, at kumukuha ng kanilang mga komentaryo't suhestiyon.

Sa pagtatakda naman ng buwis sa kaaway sa uri, umaasa rin ang Partido at hukbong bayan sa masa at aktibista para siyasatin ang katangian ng negosyo, laki ng produksyon, netong kita, pakikitungo sa masa at manggagawa, pampulitikang aktitud ng mga tagapangasiwa, at iba pa.

Susi sa kuleksyon ng buwis ang paglakas ng mga organo ng rebolusyonaryong kapangyarihang pampulitika sa mga baseng gerilya at tagumpay ng rebolusyonaryong reporma sa lupa. Habang lumalakas ang rebolusyonaryong kilusan, lalong dumadali ang pagkukulekta ng buwis mula sa kaaway sa uri. Mas mahalaga, lalong humihigpit ang buong pusong pagkatig ng masa sa rebolusyon sa larangan ng militar, pulitika at ekonomya, pagkatig na walang salang hahantong sa ganap na tagumpay ng pambansa-demokratikong rebolusyon. ●

---



# Asintahin ang kaaway!



Mula sa tagong pusisyon na may layong 80 metro, maingat na sinipat ng dalawang milisya ang kanya-kanyang target sa kulumpon ng mga kaaway na sundalong nagpapahinga sa tabing-ilog. Ilang sandali pa'y halos sabay na kinalabit ang gatilyo ng kanilang mga ripleng *Springfield* at saka sila mabilis na tumalilis.

Nabulabog ang Takas-platung pwersa ng 34th IB (PA). Tinamaan sa paa ang isang sundalo at sinira ng bala ang kalong na ripleng M16 ng isa pang sundalo. Nagpulasan sa iba't ibang direksyon ang karamihan at lumundag sa ilog ang ilan. Malayo na ang mga nag-isnayp ay sigi pa ang pagpapaputok ng kaaway.

Gabi na nang muling matipon ang platun. Nawawala ang sundalong nasugatan at limang M16 pati mahigit 1,000 bala at ilang granada. Di rin nila alam kung saan natapon ang dala-dalang pagkain. Saklot ng takot at litung-lito, nagpasya ang kaaway na ihinto ang kanilang operasyon sa interyor na bahaging iyon ng Paranas (Wright), Western Samar, at bumalik sa kampo kinaumagahan.

Doon naman sa Tanudan, Kalinga-Apayao, binigo ng ilang isnayping-tim ang tangkang manreyd ng 17-kataong yunit ng 48th IB (PA) sa isang baryo doon. Matapos mamatayan ng apat, umatras ang kaaway na di natamo ang kanilang misyon o nakita kahit anino ng mga nagpaputok sa kanila.

Sa nakaraang tatlong taon, sumigla ang paglulunsad ng mga operasyong isnayping ng rebolusyonaryong pwersa laban sa mga nag-ooperasyong kaaway at iba pang piling target. Bunga ito ng patuloy na pagsisikap ng mga kadre ng Partido at Pulang kumander na patingkarin ang kakayahang militar at mapanlabang diwa ng lumalaking bilang sa hanay ng masang anakpawis.

## Bulabugin at pinsalain

Nasa atake man o depensa, taktikal na layunin ng pag-iisnayp na mabulabog at mapinsala ang kaaway. Kahit ang malakas na kaaway ay pwedeng maligalig at magulo ng mga biglang asintadong pagpapaputok ng katunggaling di nila makita, di alam kung ilan, ni kung saan at kailan sila muling babanatan.

Naoobligang magdahan-dahan, magtipon

[illegible] ang operasyon, [illegible] Samar at Kalinga-Apayao.

Bawat sandaling maatraso ang operasyon ng kaaway ay dagdag na panahon para makapaghanda ang rebolusyonaryong pwersa. [illegible] bagi ng mas masaklaw na planong militar ng Bagong Hukbong Bayan ay nagbibigay ng butas sa mga yunit gerilya para lipulin ang mahina't napahiwalay na pwersa ng kaaway o di kaya'y umiwas sa harap ng malaking pwersang kalaban.

Sa pangmatagalan, layunin ng operasyong isnayping na makatulong sa pagpiga sa lakas at moral ng kaaway laluna yaong [illegible]

## Katangian

Ang pag-iisnayp ay karaniwang isinasagawa ng dalawa hanggang limang tao na hinahati sa dalawang tim: tim na magsisiyasat at susubaybay sa kaaway, at tim na babanat. Ang koordinasyon nila ay mas mabisang naisasagawa kapag aktibong na-[illegible]

Nasa ilang katangian at layunin ang kaibahan ng pag-iisnayp sa iba pang operasyong gerilya tulad ng ambus, reyd at isparo. Litaw na katangian [illegible] sa pagkaasintado, paggamit ng surpresa, [illegible] ilangan ng bilis sa pagmamaniobra sa ha-[illegible]

[illegible] Bahagi ng pagpaplano na malaman [illegible]

[illegible] panimulang [illegible]

## [illegible]

Sa [illegible] pasistang tropa at pagtindi ng kontra-rebolusyonaryong aktibidad ng mga kaaway sa uri, patuloy na nananawagan ang Par-[illegible] tibong magtanggol sa sarili. Habang umu-[illegible] mula sa hanay nila.

[illegible] rasyong militar ng hukbong bayan--ay mahalagang sangkap ng tumitinding pakiki-[illegible] sa malubhang pagkahiwalay ng pasistang rehimen sa mamamayan. ■

# 50 riple, nakumpiska sa Kabisayaan


[illegible] Kumpiska ng mga yunit ng Bagong Hukbong Bayan sa 11 pag-atake [illegible] ng AFP sa mga pulo ng Samar, [illegible] Panay mula Enero hanggang Marso [illegible]

[illegible]

cher) at 38 ripleng M16. Patay ang apat na upisyal (isang tinyente-koronel, isang kapitan at dalawang tinyente) at 33 nilang tauhan, malubhang nasugatan ang 18, at napasuko ang anim pang tropa.

Nasa ibaba ang pinakamabungang mga aksyong militar:

--Marso 13. Ibajay, Aklan. Nilusob ang baseng pamatrulya ng 313th PC Company at




dalawang PC ang napatay. Nakumpiska ang apat na M16, isang karbin, mga bala, at ilang sako ng bigas. Bago umatras, sinunog ng mga Pulang gerilya ang base.

--Pebrero 26. San Jorge, Western Samar. Nalipol sa ambus ang limang sundalo ng 48th IB (PA) na sakay ng dyip. Apat ang patay, kasama si Kapitan Ty, at grabeng nasugatan ang isa pa. Nasamsam ang isang M203, apat na M16 at mahigit 500 bala.

--Pebrero 3. Candoni, Negros Occidental. Reyd sa himpilan ng INP-CHDF. Nakumpiska ang 10 M16 at anim na maikling baril. Pinarusahan ang dalawang pusakal na CHDF.

--Enero 31. Silvino Lobos, Northern Samar. Ambus sa isang iskwad pamatrulya ng PA-CHDF. Lima ang patay (1 PA at 4 na CHDF) at napasuko ang apat pa (isang sarhento ng PA at tatlong CHDF). Naagaw ang siyam na M16 at mahigit 800 bala.

--Enero 11. Sogod, Southern Leyte. Nalipol sa ambus ng BHB ang anim na tropa ng 55th PC Bn, kabilang ang pinuno nito, si Tin. Kor. Legarda. Wasak ang dyip na kanilang sinasakyan at nakumpiska ang isang M203, dalawang M16, dalawang maikling baril, mga dokumento ng batalyon, at kagamitan sa komunikasyon ●

# Bigo ang panghahati ni Marcos sa mga Moro

Ipinahayag kamakailan ng isang lider ng Prente sa Pambansang Pagpapalayang Moro (Moro National Liberation Front o MNLF) na hindi lumahok ang MNLF sa tinaguriang kumperensya ng pagkakaisa sa Karachi, Pakistan, noong Enero 1983.

Ang kumperensya ay itinaguyod ng Motamar Al-Alam Al-Islami (Kapulungang Muslim ng Mundo) para matipon ang mga lider at kinatawan ng iba't ibang organisasyon at komunidad ng mga Muslim sa Pilipinas at pagkaisahin sila ayon sa balangkas na paborable sa rehimeng US-Marcos.

Ang kumperensya ay tinambakan ng mga kinatawan at kabig ng rehimen at ng reaksyonaryong "Organisasyon sa Pagpapalaya ng Bansang Moro" (Bangsa Moro Liberation Organization o BMLO). Naghanda sila ng isang resolusyon na lumilikha ng isang organisasyon--ang Kumperensya ng Pagkakaisa ng mga Muslim sa Pilipinas o Philippine Muslim Solidarity Conference--na kasasapian ng mga dumalo. Sinabi rin sa resolusyon na handa ang MNLF, BMLO at mga lider ng mga Muslim sa Pilipinas, sa ngalan ng nagkakaisang grupo, na muling buksan ang negosasyon para ipatupad ang Kasunduang Tripoli ng 1976.

Nawalan ng bwelo ang pakikibakang Moro noong 1977 nang pansamantalang tumigil sa armadong paglaban ang MNLF alinsunod sa Kasunduang Tripoli, sa pag-aakalang tutuparin ng rehimen ang probisyon ng kasunduan na magbibigay ng panrehiyong kasarinlan sa mamamayang Moro. Nagkaroon ng puwang ang rehimen na supilin pa ang mamamayang Moro at pahinain ang MNLF.

Patuloy ang pagtatangka ng rehimeng US-Marcos na pahinain ang MNLF sa pamamagitan ng mga intriga sa hanay ng mga grupong anti-Marcos at panghahati sa mamamayang Moro. Isa sa mga tangkang ito ang pakana sa Karachi.

Pero noong bisperas ng kumperensya, nagkaisa ang mga grupong nakahanay sa MNLF na iboykot ito. Nabuko ang plano ni Marcos na bitagin ang MNLF at pasangayunin ito sa isang resolusyon na pabor sa gubyerno.

Kaugnay nito, sinabi ng isang lider ng MNLF na ang Apat na Panig na Komisyon ng mga Minister ang tanging makakagawa ng hakbang para sa muling pagbubukas ng negosasyon sa pagitan ng MNLF at pamahalaang Marcos at wala sa pusisyon ang Motamar na gumawa ng ganitong hakbang. →

Ang pagboykot ng MNLF sa "kumperensya ng pagkakaisa" ay sinundan ng mga taktikal na opensiba ng mga mandirigmang Moro laban sa mga reaksyonaryong tropa ng gubyerno nitong Pebrero at Marso. Di bumulangin sa 15 pasistang tropa ang namatay sa tatlong labanan sa Sultan Kudarat at Lanao del Sur noong panahong ito. ■

---

Nasa US ang susi

# Militarismo ng Japan

Nitong nakaraang mga taon, higit na itinutulak ng mga monopolyong kapitalista ng US ang Japan para lakihan ang ginagasta nito sa militar at makihati sa US sa gastos ng pagmamantini ng hegemonyang imperyalista sa rehiyong Asya-Pasipiko.

Natural, di mapakali ang mamamayan ng Japan at mga kapatid nilang taga-Asya. Pero hindi ang mga monopolyong kapitalista ng Japan na hinihintay lang ang senyal na ito mula sa US para muling buhayin ang makinaryang militar-industriya na lubos nagsampa ng ganansya sa kanila at siyang nagpadala ng mga tropang mapanalakay sa mga bayan ng Asya noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig.

Ngunit imperyalismong US na ngayon ang tuwirang nagbibigay ng utos. At ang masahol, ang muling pag-aarmas ng Japan ay nangangahulugan di lamang ng pagmamanupaktura't pagdedeploy ng mga sandatang kumbensyonal, kundi pati na rin mga sandatang nukleyar, para ibunsod at alagaan ang monopolistang interes ng US at Japan sa Asya-Pasipiko.

Ipinagyayabang ni Punong Ministro Yasuhiro Nakasone na ang Japan ay gagawing isang "walang lubog na *aircraft carrier*." Sa pagsasabing ito'y halatang-halata ang determinasyon ng monopolyong kapital ng Japan na gumanap ng mas importanteng papel sa mga planong militar ng US.

Sa kabila ng mahigpit na oposisyon ng mamamayan ng Japan, na siyang naging mga unang biktima ng pagsabog na nukleyar sa Hiroshima at Nagasaki, pinayagan ni Nakasone na dumaong ang mga barkong pandigma ng US, kabilang ang *USS Enterprise* na may kargang sandatang nukleyar. Gayundin, pinayagan niyang ideploy roon simula 1985 ang may 50 eroplanong pandigma o *F16 fighter bombers* ng US, na may karga ring sandatang nukleyar. Pinahintulutan niya ang pagkatulong na pagpapaunlad ng US at Japan sa pinakaabanteng teknolohiyang militar.

Malayo na rin ang naabot ng US sa paguudyok na muling bumangon ang militarismo sa Japan. Matatandaan na matapos talunin ng US ang Japan sa huling digmaang pandaigdig, pinwersa ito ng US na ilagay sa konstitusyon ang prohisyong nagtatakwil sa gera, at ang gastos sa depensa ay ililimita sa 1 porsyento lamang ng kabuuang pambansang produkto o GNP.

Alinsunod sa Tratado ng US at Japan sa Siguridad, inako ng US ang depensa ng Japan laban sa dayuhang panamalakay, at kapalit nito'y itinali ang Japan sa pandaigdigang istratehiyang militar ng US habang binibigyan ang US ng buong layang gumamit ng mga base sa Japan.


Noong magtatapos ang dekadang 1950, nag-iisip-isip na ang US tungkol sa unti-unting pag-aarmas muli ng Japan, sa ilalim ng superbisyon ng US. Mula 1958 hanggang 1970, sa paghihikayat nito, limang ulit na nilakihan ng Japan ang ginagasta sa militar. Noon pang 1962, mayroon nang 500 retiradong upisyal, ranggong heneral, na naglilingkod bilang mga tagapayo o iba pa sa mga monopolyong empresa ng armas tulad ng Mitsubishi Heavy Industries, na nakarehistro sa Ahensya (Ministri) sa Depensa.

Ang lahat ng hakbang na ito ay pangunahing nakatuon sa pananabotahe ng US sa konstruksyong sosyalista sa China, tahasang panghihimasok sa gera sa Korea para hadlangan ang muling pagkakaisa ng mamamayan ng Korea, at pagsupil sa mga gera ng pambansang pagpapalaya ng mga mamamayan ng Indochina.

Sa pag-unlad ng dambuhalang lakas sa ekonomya ng Japan, dumami rin ang mga palatandaan ng bumabangong militarismo. Simula nitong Abril 1983, ipinapatupad ng Ahensya sa Depensa ang bagong plano para sa limang taon, na ang target ay palakasin ang kapasidad ng Japan sa himpapawid at karagatan, at ang badyet ay umaabot sa mahigit 4 na trilyong yen (₱170 bilyon). Maliliitan pa rin ang US sa ganito kalaking badyet.

## Interes ng US

Higit kaysa nakaraan, gusto ng US ngayon na muling mag-armas at magpalakas ▶




ang Japan para makaganap ito ng mas malaking papel na militar sa pagpapreserba ng hegemonya ng US sa mga malakolonya nito sa timog-silangang Asya at makatulong sa pagmamantini ng kanlurang Pasipiko bilang isang "lawang Amerikano."

Gaano nga ba kaimportante ang rehiyong Asya-Pasipiko para sa US? Sinabi ni George Shultz, ang kalihim sa mga usaping panlabas: "Sa kasalukuyan, mas malaki ang pakikipagkalakalan (ng US) sa rehiyong Asya-Pasipiko kaysa alinmang ibang rehiyon....Ang patuloy na paglago ng mga ekonomya sa Asya ay esensyal na elemento sa pagbawi ng US at Europa (mula sa krisis sa ekonomya)."

Gayunman, may mabigat na banta sa dominasyong imperyalista sa rehiyon, ngayong umaani ng suporta mula sa milyunmilyong tao ang mga kilusan sa pambansang pagpapalaya laluna sa mga bayan ng Asean. Kumukuha ng inspirasyon ang mga mamamayan ng Asya sa halimbawa ng mga mamamayan ng China, Vietnam at hilagang Korea, na pawang nagtagumpay sa pagpapalayas sa imperyalismo.

Sa pagtatangkang biguin ang panibagong mapagpasyang tagumpay ng mga kilusan sa pambansang pagpapalaya sa Asya, at patuloy na guluhin ang konstruksyong sosyalista sa mga bayang napalaya na, nagmamatigas ang US sa panamatili ng sariling dominasyong militar. Pero dahil sa mga protesta sa loob at labas ng US, laluna pagkaraang masipa mula Vietnam at Iran, nang-uukilkil ang US sa Japan na tumulong sa pagpasan ng kargahin sa rehiyon, nang higit na makapagkonsentra ng pangunahing pwersa sa Europa at Gitnang Silangan.

Ang Doktrinang Nixon na "taga-Asya ang ilaban sa ibang taga-Asya," matapos mabuko nang husto sa Vietnam, ay inilalapat naman ngayon sa mga bansa ng timog-silangang Asya--habang patuloy pa rin sa namumunong papel ang US. Kasabay nito, pinapalakihan ng US ang tulong na ibinibigay ng Japan sa mga pasistang diktadura sa rehiyon, na siya namang maaasahang sumuporta sa plano ng Japan para "depensahan ang sarili."

Malaki ang itinataya ng US sa muling pagbabangon ng militarismo sa Japan, sapagkat ang gera ay mabuting negosyo. Para makapagpakita ang Japan ng kapangyarihan sa militar, kailangang bumili ng kagamitang tulad ng mga aircraft carrier, karamihan mula sa US. At dahil ang mga monopolyong kapitalista ng Japan ay umaamin na malayong-malayo ang agwat nila sa US sa larangan ng purong pananaliksik at aplikasyon ng abanteng teknolohiya sa depensa at lakbay sa kalawakan. Inaasahan din ng US na magkakaroon ng malaking pagbabago sa balanse ng kalakalan sa Japan--$20 bilyon ang lamang nito ngayon--kapag napaasa ang Japan sa teknolohiyang militar ng mga Amerikano.

Sa lahat ng ito, ang paglitaw ng Soviet Union bilang isang pangunahing kapangyarihan sa Pasipiko ay ginagawang dahilan ng US at Japan para palabasing

## Dalaw ni Nakasone

Dumalaw ang punong ministro ng Japan, si Yasuhiro Nakasone, sa Pilipinas, ibang bayang myembro ng Asosasyon ng mga Bansa sa Timog-silangang Asya, at Brunei, sa pagsisikap na gawing mas katanggap-tanggap ang imperyalismo ng Japan sa rehiyon.

Di nabigo si Nakasone kay Marcos nang dumating siya sa Pilipinas noong Mayo 6-8. Sinang-ayunan ng papet na pasista ang muling pagpapalakas ng Japan sa militar, at ibinunsod ang mas mahigpit na relasyon sa pagitan ng Japan at Asean.

Nagbigay naman ng mga pangako ng tulong si Nakasone, sa kabuuang halagang mahigit ₱3 bilyon.

Sa kabilang banda, walang kongkretong resulta ang reklamo ng rehimen na masyadong agrabyado ang Pilipinas sa pakikipagkalakalan sa Japan.

makatwiran ang kanilang mga layuning militarista, pangibabawin ang dati nang galit ng ibang bayan sa rehiyon laban sa militaristang Japan, at kumuha ng suporta para sa mas matingkad na papel na militar ng US.

## Interes ng Japan

Matagal nang naghihintay lamang ng pagkakataon ang mga monopolyong kapitalista sa Japan na muling mag-armas. Ang hayagang suporta ng US ang bumubuhay sa pag-asang buuing muli ang kanilang kolonyal na saklaw ng impluwensya, at sa pangarap na matupad ang "sama-samang kariwasaan sa saklaw ng kalakhang Silangang Asya."

Alam ng mga imperyalista ng Japan na magagawa lamang ito sa malakihang paglulunsad ng agresyon. Ito ang dahilan kung bakit nagkakampanya ang mga monopolyo sa negosyo para tanggalin ang pagbabawal na mag-eksport ng armas at gumawa ng mga sandatang nukleyar.

Para mapanatili ang nangungunang pusisyon sa industriya ng mundo, hangad ng Japan na kontrolin ang rehiyong Asya-Pasipiko, sa partikular ang mga hilaw na materyales at murang paggawa nito. Napakalaki ng interes ng monopolyong kapital ng Japan sa rehiyon, sapagkat ang Japan ang tanging bayang industriyal na nag-iimport ng halos lahat ng pangangailangan sa enerhiya at hilaw na materyales.

Noong 1981, may $9.3 bilyon na (₱93 bilyon) ang naipasok na puhunan ng Japan sa Asya, kung ikukumpara sa $4.47 bilyong pamumuhunan (₱45 bilyon) o sa $2.26 bilyon (₱23 bilyon) sa Gitnang Silangan. Pinapatunayan din ng datos sa kalakalan na may matimbang na halaga ang Asya-Pasipiko sa pagsusuplay sa Japan. Noong 1981, mahigit kalahati ng iniimport nito ay galing sa Asya. Ang pinakamalaking benta ng Japan ay sa mga bayan ng Asya na may ekonomyang "malayang pamilihan."

Kayat madaling makita na ang kinabukasan ng Japan ay nakatali sa Asya, at hindi ang kinabukasan ng Asya ang nakatali sa Japan gaya ng ibig palitawin ng propaganda ng mga imperyalista.

Sapagkat batid ng US ang interes ng monopolyong kapital ng Japan, tutulungan lamang silang mag-armas muli hanggat nagpapatingkad ito--pero di nangingibabaw--sa pusisyon ng US bilang numero-unong poder sa Pasipiko. Para makatiyak, hawak at kontrolado ng US ang susi sa pagpapalakas ng Japan sa militar.

May mga kontradiksyon sa pagitan ng monopolyong kapitalismo sa US at sa Japan, laluna sa kanilang matinding kumpitisyon para sa mga pamilihan sa buong mundo. Pero ang higit na nangingibabaw ay ang sabwatan nila para pagsamantalahan at dominahin ang mga bansa sa rehiyong Asya-Pasipiko.

Ang monopolyong kapital ay nagsisikap kumuha ng suporta ng mamamayan para makapaglunsad ng mga gerang mapanalakay. Wala namang hilig manggera ang mamamayan ng Japan. Para mapangibabawan ang kanilang pagtutol, binabalikan ngayon ng mga imperyalista ang "gasgas" nang usapin ng pambansang sobinismo.

Minsan pa'y pinapapaniwala ang mga mamamayan ng Japan na dapat silang magkaroon ng mas dominanteng papel sa Asya. Ang kinamumuhiang islogang "sama-samang kariwasaan" ay pinalitan na ng mga banderang nagsasabing, "Matuto mula sa Japan." Binago ang mga teksbuk sa iskwelahan para burahin ang mga kahayupang isinagawa noong digmaan, samantalang sa telebisyon naman at komiks ay panay ang kwento tungkol sa gera, at bidang-bida ang mga sundalo noon. Binigyan ng promosyon ang patay nang mga upisyal at tauhan ng lumang hukbong imperyal.

Higit pa rito ang kahalagahan ng mga hakbang mula 1982 na reorganisahin ang kilusang paggawa, para masigurado ang reaksyonaryong liderato at maipwera ang militanteng mga unyon. Sa bisa ng isang katulad na pakana noong 1931, nagamit ng mga imperyalista ang kilusang paggawa bilang basihang sosyal ng suporta para sa agresyong militar ng Japan. Sa pamamagitan ng mga islogang sobinista, nagsikap silang kumuha ng mga obrero para sa mga pabrikang nagmamanupaktura ng armas, at todo-todong paggawa ng mga sandatang nukleyar.

## Protesta

Ang pinakamalaking pagtutol sa militarismo ng Japan ay nagmumula sa mismong mamamayan nito. Libu-libong manggagawa't iba pang taumbayan ang nagdadaos ng mga aksyong "sit-down" sa harap ng embahada ng US, mga rali laban sa Tratado sa Siguridad, protesta laban sa pagbisita ng mga aircraft carrier ng US, rali para sa kapayapaan, at iba pa. Mula noong panahon ng gera sa Vietnam, ngayon lang muli nagdedemonstrasyon ang ganito karaming mamamayan ng Japan.

Sa mga bayan ng Asya na matinding nakadama sa kapangyarihan ng Japan, ang pagdalaw ng mga punong ministro nito ay sinasalubong ng maalab na demonstrasyon, pahayag ng protesta, at reklamo mula sa lokal na mga negosyante. Anuman ang tamis ng dila ng mga representante ng monopolyong kapital ng Japan, di mawala-wala ang

suspetsa ng mga tao sa Asya na inaambisyon ng Japan na maging kapangyarihang militar.

Ang mapait na karanasan ng mga mamamayan ng Japan at ibang lugar sa Asya noong huling digmaang imperyalista ang siyang nagturo sa kanila na ang monopolyong kapital ay nagbubunga ng pasismo sa loob ng sariling bayan at digmang mapanalakay sa ibayong-dagat.

Sa pagkakaisa ng mga mamamayan ng Asya-Pasipiko na makibaka sa imperyalismo ng US at ng Japan, mapipigil nila ang muling pagbubuhay sa militarismo ng Japan na ibinubunsod ng US, at maisusulong nila ang rebolusyonaryong simulain sa buong rehiyon. ●

---

BALITA

## Mayo Uno

May 25,000 mamamayan na karamiha'y manggagawa ang dumalo sa rali noong Mayo 1 sa Araneta Coliseum sa Quezon City para ipagdiwang ang Pandaigdigang Araw ng Paggawa. Inisponsor ng Kilusang Mayo Uno (KMU) at Pagkakaisa ng Manggagawang Pilipino (PMP) ang rali, na naglantad at kumondena sa patuloy na panunupil ng diktadurang US-Marcos sa kilusang unyon. Nanawagan din ito sa mga manggagawa at mamamayang Pilipino na ipaglaban ang karapatan ng mga manggagawa.

Si Lorenzo Tañada, tagapangulo ng Pambansang Koalisyon para Ipagtanggol ang Karapatan ng Manggagawa (NCPWR) ang namuno sa mga tagapagsalita na nagrepresenta sa mga manggagawa at ibang sektor kabilang na ang mga taong-simbahan, guro, kabataan at istudyante, manggagawang pangkalusugan, abugado at maralitang tagalunsod.

Tinuligsa sa mga talumpati ang patuloy na pagsupil sa karapatang magwelga; mga batas na antiwelga at anti-manggagawa tulad ng BP 130, BP 227, Executive Order 815 at Resolusyong 473; patuloy na pagpipiit sa mga lider-unyon at pakana ng rehimen na gawing iligal ang KMU; mababang sahod at laganap na *layoff* at rotasyon; mataas na presyo ng bilihin; at kontrol sa Pilipinas ng imperyalismong US.

Kinondena rin sa rali ang mga baseng militar ng US sa Pilipinas, militarisasyon sa kanayunan at ang kapasyahan ng Korte Suprema sa kapangyarihan ni Marcos na mag-utos ng pag-aaresto at pagpipiit nang walang makatwirang batayan.

Nagdaos din ng mga aksyong protesta sa ibang mga lunsod sa bansa. Sa Bacolod, 35,000 mamamayan ang nagdemonstrasyon. ●

## Pagsasanay ng US-RP

Pinakamalaking pagsasanay-militar sa Pilipinas mula noong Ikalawang Gerang Pandaigdig ang idinaos sa Nueva Ecija at Aurora sa Gitnang Luson mula Abril 26 hanggang Mayo 10. Ang "Balikatan/Tangent Flash '83" ay nilahukan ng mahigit 14,000 tropa ng US at ng Pilipinas.

Layunin nitong ihanda ang militar ng US para sa mas aktibo at tuwirang paglahok sa kontra-rebolusyon sa Pilipinas. Naaayon ito sa Kasunduang US-RP sa Pagdedepensahan, na nagpapahintulot sa ganap na panghihimasok ng imperyalismong US sa mga usaping panloob ng Pilipinas.

Di bababa sa 1,200 tropa ng US ang kasali sa pagsasanay. Mas marami ito nang ilandaan sa sumali sa unang pagsasanay na "Balikatan/Tangent" noong Mayo 1982.



[AB, Abril 1983]. Ginamit ngayon ang 15 barkong pandigma ng US, mahigit doble ng ginamit noong 1982. Bukod pa, gumamit din ng mga tangke at eroplanong *jet* ng US at ng AFP.

Ang pagsasanay sa katihan ay ikinonsentra sa Laur, Nueva Ecija, at ang "pagsalakay" sa baybayin ay isinagawa sa Dingalan, Aurora, na nakaharap sa Karagatang Pasipiko. •

## Disisyon sa PCO

Idineklara ng Korte Suprema noong Abril 20 na walang hukuman sa Pilipinas na maaaring pumigil, bumago, o pumalit sa mga aksyon ng diktador na si Marcos kaugnay ng pagpapaaresto at pagdiditini sa mamamayang isinasangkot sa mga kasong nauukol diumano sa pambansang siguridad.

Ang pagiging sunud-sunuran ng Korte Suprema sa pasistang diktador ay muling pinatunayan sa tinatawag na "disisyong Padilla." Dalawa lamang sa mga mahistrado, sina Enrique Fernando at Claudio Teehankee, ang nagpahayag ng di pagsangayon sa hatol.

Sinabi ng kataas-taasang hukuman ng rehimen na si Marcos lamang ang pwedeng magpasya sa kawastuan ng pag-aresto at pagditini sa mga kaso ng pambansang siguridad, at siya lamang ang pwedeng magutos na palayain ang taong nakaditini. Dahil umiiral ang "mga kalagayang tulad ng sa digmaan," anang korte, ang katumpakan ng mga utos ni Marcos na ipinapakulong ang sinuman (Presidential Commitment Order o PCO) ay di maaaring ungkatin o pakialaman ng mga korte.





Labag ang disisyong ito sa pundamental na karapatan ng mamamayan laban sa walang batayang pandarakip at pambibilanggo. Para magarantyahan ito, dapat suriin ng husgado kung may mabigat na dahilan para ipaaresto ang isang tao. Gayundin, may karapatang magpyansa ang taong nakabilanggo kung nakasakdal siya sa kasong pwedeng pyansahan.

Ang tahasang pagkakait na ito ng Korte Suprema sa isa sa pinakamahalagang karapatan ng taumbayan ay kinondena ng mamamayan, kabilang ang mga istudyante't abugado, sa pamamagitan ng piket, pahayag at iba pang aksyong protesta. •

## Burma

Nakipag-alyansa kamakailan ang Partido Komunista ng Burma (PKB) sa dalawa sa malalaking armadong grupong lumalaban sa reaksyonaryong pamahalaan ng Burma, ayon sa ulat ng isang peryodista sa bayang iyon.

Ang dalawang makabansang grupo--ang Hukbo para sa Independensya ng Kachin at ang Hukbo ng Estado ng Shan--ay binubuo ng mga pambansang minorya na nakikibaka para sa kasarinlan mula sa reaksyonaryong pamahalaan. Ang pakikipag-alyansa nila sa PKB ay nangangahulugan ng 7,000 dagdag na katulong ng hukbo ng PKB na tinatayang may 12,000-kataong armadong pwersa, bukod sa 8,000 milisya.




May populasyong 34 milyon ang Burma (50 milyon ang sa Pilipinas) at may lawak na higit doble ng Pilipinas. Isa ito sa mga bayan sa timog-silangang Asya na pinaghaharian ng rehimeng militar.

Ang PKB, na may kasaysayan ng mahigit 30 taon ng armadong pakikibaka, ang pinakapursigido sa mahigit 10 armadong grupong lumalaban sa reaksyonaryong rehimen. Karamihan sa mga ito ay binubuo ng pambansang minorya. •